
3

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan- Modyul 6
## Kahalagahan at Paglilingkod ng Pamahalaan sa mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon!



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Kahalagahan at Paglilingkod ng Pamahalaan sa mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Nelda Lopez Pelletero
**Editors:** Francis Maye O. Daya, Glee S. Cavan, Grace C. Sapini
**Tagasuri:** Archie E. Año, Rosemarie T. Realino, Myrene M. Saragena
**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez,
Cherie Mae Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernarnd G. Guinita,
Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon Marimon,
Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan
**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores
**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero Nelson C. Lopez
Janette G. Veloso Cheerylyn A. Cometa
Analiza C. Almazan Christopher P. Felipe
Danilo R. Dohinog Liza Leonora D. Dacillo
Ma. Cielo D. Estrada Alicia I. Ayuste

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6
## Kahalagahan at Paglilingkod ng Pamahalaan sa mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

**Para sa Tagapagdaloy:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Kahalagahan at Paglilingkod sa mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pambribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang magaaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

**Mga Tala para sa Guro**

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol **Kahalagahan at Paglilingkod sa mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pagaaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutunan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pangunawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |



*Karagdagang Gawain* — Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



*Susi sa Pagwawasto* — Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian* — Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Sa modyul na ito ay matututunan mo ang wastong pagpapahalaga at mga paglilingkod na natatanggap natin sa pamahalaan.

Sa modyul na ito ang mag-aaral ay inaasahang:

-naipaliliwanag ang kahalagahan ng gampanin ng pamahalaan sa paglilingkod sa bawat lalawigan sa kinabibilangang rehiyon *(AP3EAP-1Va-2)*

# Subukin

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na institusyon ang nangangalaga sa pagtugon ng pangangailangan ng mga mamamayan?
   a.paaralan
   b.pamahalaan
   c.pamilya
   d.simbahan

2. Ano ang ipinagkakaloob ng pamahalaan sa mga mamamayan upang matugunan ang pangangailangan ng mga ito?
   a. pabahay
   b. paglilingkod
   c. pera
   d. trabaho

3. Paano tinutugunan ng pamahalaan ang pagpapalawak ng karunungang bumasa at sumulat ng mga mamamayan?

a. pag-aalaga ng mga bata
b. pagbibigay ng libreng edukasyon
c. pagpapakain sa may sakit
d. pagpapalawak ng bukirin

4. Mayroon kayong takdang-aralin sa Pilipino. Ano ang gagawin mo?

a. kalimutan ang takdang-aralin at palagiin ang paglalaro
b. maglalakuwatsa
c. manonood muna ng telebisyon
d. pag-aralang mabuti at sasagutin ang takdang aralin

5. Nagbibigay ng scholarship sa kolehiyo ang pamahalaan. Nais mong makapagtapos ng kurso subalit mahirap lamang kayo. Ano ang dapat mong gawin?

a. ipag-walang bahala lang
b. kalimutan ang pag-aaral
c. lumapit sa isang may katungkulan sa pamahalaan
d. mag-aaply ng scholarship

# Aralin 1

## Kahalagahan at Paglilingkod sa mga Lalawigan sa Kinabibilangang Rehiyon

Itinatag ng isang pamahalaan upang pamunuan, pangalagaan at pangasiwaan ang bawat mamamayan sa kinabibilangang lalawigan sa rehiyon. Tungkulin ng pamahalaan na tugunan ang pangangailangan ng bawat kasapi nito. Naisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang pangunahing paglilingkod para sa kapakanan ng mga mamamayan tulad ng benepisyo sa transportasyon, kalusugan, edukasyon, pabahay, at proteksiyon ng buhay at ari-arian. Tungkulin din ng pamahalaang bigyan ng ligtas, payapa at magandang pamumuhay ang kaniyang nasasakupan at naglilingkod nang buong puso, marangal at may pagmamahal.

# Balikan

Napag-aralan mo sa nakaraang aralin na ang bawat lalawigan ay may namumuno para matugunan ang pangangailangan ng mga nasasakupan nito. Napag-alaman mo na rin na may paraan sa pagpili ng mga pinuno upang manungkulan sa lalawigan. Mapapalitan ang mga namumuno ayon sa saloobin ng mga nasasakupan nila pagsapit ng halalan.

Bakit mahalaga ang paglilingkod ng pamahalaan sa mamamayan?



Ano-ano ang mga paglilingkod ng pamahalaan para sa mamamayan?



Photo Credits to the owner

Mga Tala para sa Guro

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.

## Tuklasin

Ang bawat lalawigan ay may mga kasapi na siyang namumuno sa pamamagitan ng isang halalan. Ang pamahalaan ng bawat lalawigan ay kumikilos upang matugunan at mapaglingkuran ang mga pangangailangan ng mga kasapi nito.

Hangad ng bawat mamamayan ang pagkakaroon ng isang mapayapa at maayos na pamamayanan, kung saan tinutugunan ng pamahalaan ng bawat lalawigan ang pagkakaroon ng kapayaan sa lugar.



Mahalaga rin sa isang mamamayan ang may maayos na kalusugan at malinis na matitirhang pamayanan. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng libreng paglilingkod pangkalusugan tulad ng publikong hospital at gamot na abot kaya ng mga mamamayan. Ang pagbibigay ng umento sa sahod ng mga manggagawang Pilipino ay pinapatupad din ng gobyerno para matustusan ang mga pangangailangan sa araw-araw.

Ang edukasyon ay isa sa pinakamahalagang pangangailangan ng mga mamamayan na dapat din tingnan ng pamahalaan. Natutulungan nila ang kanilang mga magulang at kapatid upang mapaunlad ang pamumuhay. Kaya naman, ang pamahalaan ay nagsisikap sa pamamagitan ng pagtingin ng kalidad na serbisyo sa mga pribadong paaralan sa lalawigan, pagpapatayo ng pampublikong paaralan, pagkakaroon ng scholarship program upang mabigyan ng kalidad na edukasyon ang bawat mag-aaral.

Sa kasalukuyan, tinitingnan na din ng pamahalaan ang pagkakaroon ng mga pagsasaayos ng mga daan, paliparan at daungan sa lalawigan upang mapadali ang paggawa ng mga produkto at mapayos ang serbisyo at kabuhayan ng mga magsasaka.

Ang kahalagahan ng pamahalaan ay nakikita sa araw-araw na pamumuhay ng mga nasasakupang lalawigan. Ang bawat kasapi ng lalawigan ay malayang nakakagalaw sa mga nais nitong puntahan, nakabili ng mga nais na kagamitan at makapagsasabi ng sariling saloobin. Isa na rito ang mga karapatan na magkaroon ng proteksiyon sa ari-arian at sariling bahay.

## Suriin

Ang pamahalaan ang ay pawing itinatag para sa kapakanan ng mga mamamayang sakop nito. Nagsisilbi itong tagapagbantay upang mapanatiling ligtas, maaliwalas at mapayapa ang pamumuhay ng mga tao dahil may nagpapatupad ng batas.

Sa mapag-arugang pamahalaan lalo na sa lalawigan, napananatiling maayos at maunlad ang pamayanan. Kahit sa panahon ng kagipitan ay may pamahalaang matatakbuhan at handang tumulong.

Malaki ang papel na ginagampanan ng pamahalaang panlalawigan bilang tagatugon sa pangangailangang pangedukasyon, pangkalusugan, pangkabuhayan at marami pang iba.

A. Isahang Gawain

Pumili ng isa sa mga sitwasyon sa ibaba at gumuhit ng isang larawang ipinapikita nito. Gawin ito sa isang bondpaper. Gawing gabay ang Batayan sa pgbibigay ng Puntos para sa naturang gawaing nasa ibaba.

1. Mga ginagawa ng pamahalaan para sa mga kasapi ng lalawigan.
2. Mga epekto ng paglilingkod ng pamahalaan sa pamumuhay ng mga tao sa lalawigan.

| Pamantayan ng Gawain | | Nakuha |
|---|---|---|
| Komposisyon | 5 puntos | |
| Pagkamalikhain | 3 puntos | |
| Kalinisan | 2 puntos | |
| Kabuuan | 10 puntos | |

B. Sabihin ang uri ng paglilingkod ng pamahalaan na tinatanggap ng mga mamamayan. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot at isulat sa hiwalay na papel.

| | |
|---|---|
| Pang-edukasyon | Pangkalusugan |
| Pangkabuhayan | Panlipunan |

1. Pagpapatayo ng paaralan at libreng edukasyon
2. Murang gamot para sa mga senior citizen
3. Pagpapahiram ng puhunan para sa maliliit na negosyante
4. Pagpapagawa ng murang pabahay para sa mahihirap

# Pagyamanin

A. Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Wala sa silid-aralan ang inyong guro sapagkat dumalo siya sa isang biglaang pagpupulong kasama ang principal. May iniwan siyang Gawain sa inyo. Ano ang iyong gagawin?

   a. kumuha ng aklat at magbasa

   b. magdaldal nang magdaldal sa kaklase

   c. magkalat sa silid aralan

   d. sagutin anf itinakdang gawain

2. Si Joanna ay mag-aaral sa Ikatlong Baiting. Ang kanilang bahay ay malayo sa kaniyang paaralan ngunit hindi siya lumiliban sa klase. May pagpapahalaga ba siya sa pagaaral? Bakit?

a. Hindi po, dahil gusto niyang maging sikat

b. Opo, dahil may baon siya araw-araw

c. Opo, dahil para sa kanya mahalaga ang edukasyon

d. Wala po, dahil gusto niyang makaiwas sa gawaingbahay

3. May bagong aklat ang DepEd na ibinigay sa inyong paaralan. Paano mo pahahalagahan ang paglilingkod na ito ng pamahalaan.

a. Gamitin nang buong ingat.

b. Guhitan at kulayan ang mga pahina ng aklat.

c. Hayaang nakakalat at mapunit.

d. Itago sa cabinet at huwag gamitin.

4. May ibinigay na takdang-aralin ang guro mo sa Makabayan at medyo mahirap ang kaniyang ipinapagawa. Paano mo ito gagawin upang maisusumite kinabukasan?

a. Babalewalain at huwag nang gawin.

b. Ipapagawa sa ate at kuya.

c. Kakalimutang may takdang – gawain.

d. Subukan itong gawin at magpatulong kung kinakailangan.

5. Ang inyong guro ay magbibigay ng pagsusulit kinabukasan. Ano ang dapat mong gawin?

a. maglakuwatsa

b. maglaro nang maglaro

c. mag-aral ng leksiyon

d. manood ng telebisyon pagkatapos kumain

B. Lagyan ng tsek (/) kung ang pahayag ay nagsasaad ng kabutihang naidudulot ng paglilingkod ng pamahalaan at ekis (x) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

_____1. Nagpapagawa ng paaralan, hospital at sentro ng kalusugan.

_____2. Nagpapasahod ng mga taong naglilingkod sa pamahalaan tulad ng doktor, guro, pulis at iba pa.

___ 3. Naipamamahagi ang biniling ipinagbabawal na gamut.

_____4. Inaayos ang mga daan, tulay, palengke at iba pa.

_____5. Bumili ng mga aklat, gamit sa paaralan at gamit sa hospital



# *Isagawa*

Napanonood mo sa telebisyon o madalas mong naririnig sa radyo na ibinabalita ang matagal at bagal na pagbibibigay solusyon ng pamahalaan sa mga problema ng bayan. Halimbawa, naaantalang pagsasaayos ng mga nasirang paaralan dahil sa lindol. Kung ikaw ang magiging tagapagsalita ng pamahalaan, paano mo ito ipaliliwanag sa taumbayan? Isulat sa papel ang iyong sagot.

| Pamantayan sa Gawain | | Nakuha |
|---|---|---|
| Komposisyon | 5 puntos | |
| Pagkamalikhain | 3 puntos | |
| Kalinisan | 2 puntos | |
| Kabuuan | 10 puntos | |

# Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Institusyong itinatatag para mangangalaga sa kapakanan ng bawat mamamayang Pilipino.
   a. Bahay-kalinga
   b. Paaralan
   c. Pamahalaan
   d. pamilya
2. Ito ay paglilingkod na ibinibigay ng pamahalaan sa mamamyan para makapag-aral ng libre.
   a. benipisyo ng transportasyon
   b. edukasyon
   c. kalusugan
   d. pabahay
3. Mga ipinagkakaloob ng pamahalaan upang mapangalagaan ang kaligtasan ng mamamayan.
   a. pabahay
   b. edukasyon
   c. kalusugan
   d. proteksyon ng buhay at ari-arian
4. Paraang ginagawa ng pamahalaan upang mapangangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayang mahirap na maysakit
   a. Nagpapatayo ng mga Pampublikong Hospital na may mababang singil.
   b. Pagkakabit ng kuryente sa mga malalayong lugar.
   c. Libreng edukasyon para sa mga mahihirap.
   d. Murang pabahay para sa mga mahihirap.

5. Bakit pinagkakalooban ng paglilingkod ng pamahalaan ang mga mamamayan?

a. Natutulungan ng pamahalaan ang mga mamamayan na pangangalagaan ang kanilang kapakanan.

b. Tungkulin ng pamahalaang mabigyan ng magandang buhay ang mga mamamayan.

c. Ang pamahalaan ang siyang dapat tumugon sa pangangailangan ng mga mamamayan.

d. Lahat ng nabanggit.

## *Karagdagang Gawain*

A. Iguhit ng bituin ☆ kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pag-aaral at araw kung hindi.

1. Huling pumasok sa klase. ____________

2. Makinig ng mabuti sa guro. ____________

3. Gabi-gabi mag-aaral ng leksyon. ____________

4. Hahayaang paglaruan ng kapatid ang aklat. ____________

5. Malinis at maayos na ginagawang proyekto. ____________

B. Isulat ang letrang T kung tama ang ipinahahayag ng bawat pangungusap at M kung mali. Gawin ito sa papel.

1. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng mga paglilingkod na ikasasama ng mga mamayan.

2. Mabagal ang pag-asenso ng lalawigan kung may pamahalaan.

3. Hindi na kailangan ng mga namumuno sa bayan dahil nagtutulungan naman ang mga mamamayan.

4. Importante ang suporta ng taumbayan sa pamahalaan para sa ikatatagumpay ng mga programa nito.

5. Ang pagkakaroon ng local na pamahalaan ay nakatutulong para sa pambansang kaunlaran at pagbabago.

C. Panuto: Suriin ang bawat larawan sa Hanay A at pagtambalin ang mga ito sa mga paglilingkod sa pamahalaan sa mga mamamayan na nasa Hanay B. Titik lamang ng tamang sago tang isulat sa sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 

a. pagsasaka


b. pabahay

c. elektripikasyon

d. pangingisda

# Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain:**

| A | B. | C. |
|---|---|---|
| 1.  | 1. M | 1. c |
| 2.  | 2. M | 2. a |
| 3.  | 3. M | 3. a |
| 4.  | 4. T | 4. d |
| 5.  | 5. T | |

**Subukin:**

1. b
2. d
3. b
4. a
5. d

**Suriin: Gawain B:**

1. Pang-edukasyon
2. Pangkalusugan
3. Pangkabuhayan
4. Panlipunan

**Pagyamanin:**

1. d
2. c
3. a
4. d
5. c

**Tayahin:**

1. b
2. b
3. d
4. a
5. d

## *Sanggunian*

Distance Learning Module in Makabayan ( BEAM ) Quarter 4 pages 1-32.
Revised Learning Material in AP 3 ( Unpublished ) pages 354-378.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph